

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINAPI SA KATITIKAN NG IKA-16 NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 11 MAYO 2009, 10:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Jocelyn G. Solabo
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Ererita
Konsehal Bernabe S. Mortel
Konsehal Edren Y. Faderon
Konsehal Napoleon M. Dimapilis
Konsehal Larry V. Salazar - Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Mary Jamaica Jeigh Q. Sarmiento - MSKF President

Hindi Nakadalo:

Konsehal Agustin L. Cusi

KAPASYAHAN BLG. 026
Taong 2009



KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKITRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG NAGING PAMBAYANG INGAT-YAMAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO, G. IRENEO F. EUSTAQUIO..

SAPAGKAT, ang pagpanaw sa daigdig ng isang naging kasama sa gawain sa paglilingkod sa bayan ay isang pangyayaring ikinahulungkot at dinaramdam ng mga naiwang kasamahan at kaibigan;

SAPAGKAT, si G. Ireneo F. Eustaquio ay naglingkod bilang Pambayang Ingatyaman ng Roxas, Silangang Mindoro sa napakahabang panahon at sa panahong ito ay nagpamalas ng dedikasyon sa paglilingkod para sa kabutihan ng mga mamamayan hanggang sa panahon ng kanyang pagreretira;

SAPAGKAT, sa panahon ng kanyang pagsesertipyo ay nagpamalas siya ng kasipagan at pagtitiyaga sa pagtupad ng tungkulin at responsibilidad para sa kabutihan at kaayusan ng paglilingkod sa tao;

SAPAGKAT, si Manong Neong, tulad ng tawag sa kanya ay naging isang mabuting kasama sa gawain at matapat na kaibigang handang tumulong sa abot ng kanyang kakayahan;



SAPAGKAT, ang pagderamdang ng mga kaanak sa pagpanaw ng isang butihing ama ng pamilya ay lubos na nadarama ng mga naiwang kaibigan at mga kasama,

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng ito sampu ng mga namuno at mga kawani ng Pamuhalaang Bayan ng Roxas ay lubos na nakikiramay at nakikidalamhati sa pagyao ng isang kaibigan at naging kasama sa gawam.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kasebal Edren Y. Paderon na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong naging kawani ng Pamuhalaang Bayan ng baying ito, G. Ireneo F. Eustaquio.

IPINASYA RIN na padalhan ng api ng kapasyahang ito ang mga anak at kaanak ni G. Ireneo F. Eustaquio lakip ang taupusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat : 11 Mayo 2009

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIRAYAN:


VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo